COMMONWEALTH OF THE NORTHERN MARIANA ISLANDS

DEPARTMENT OF LABOR

FOREIGN NATIONAL WORKER PERMIT

Category 240K Transition Conditional

LARAWAN

CRUZ, Felix Hidalgo

Pagkamamayan	Kasarian	Kapanganakan
PHL	M	3/23/1957

Ipinagkaloob: 11/27/2009 Pagkawalang bisa: 11/27/2011

280769

FL2xpw101

Approved:

_____

Acting Director of Labor

Susunod na petsa ng pag-file upang maiwasan ang pagpapawalang -saysay

Mga kundisyon: Ang permit na ito ay nagpapahintulot sa mayhawak na makapagtrabaho alinsunod sa nakasaad sa kontrata sa trabaho ayon sa panuntunan ng Department of Labor, at kung kinakailangan, makapaghanap ng trabaho, at makalipat ng panibagong trabaho sa pribadong sektor sa loob ng dalawang taon na itinakda ng permit. Ang permit na ito ay mananatiling may bisa hanggang sa pagpapawalang-saysay. Ang permit na ito ay maaaring mapawalang-saysay ayon sa mga tuntunin at batas ng CNMI patungkol sa pagtatrabaho ng mga dayuhan sa petsa ng pagkakaloob**.** Ang pagpapawalang-bisa ay ilalathala sa DoL website: www.marianaslabor.net. Ang permit na ito ay wala ng saysay pagkatapos ng Nobyembre 27, 2011.

Extension ng trabaho: Ang permit na ito ay maaring mawalan ng saysay sa pagtatapos ng kontrata sa trabaho, maliban kung sa pagtatapos o bago matapos ang aprubadong kontrata (ang susunod na petsa ng pag-file ay makikita sa itaas), ay piliin ng employer na palawigin ang pagtatrabaho ng may hawak ng permit na ito. Ang employer ay kailangang magsumite ng proposed extension contract at bayaran ang kaukulang halaga. Ang permit na ito ay hindi nangangailangan ng trabaho sa isang partikular na kategorya o sa isang partikular na isla.

Pagpapalit ng trabaho: Ang permit na ito ay maaaring mapawalang-bisa sa kaganapang ang may hawak ng permit ay magpalit ng trabaho maliban kung siya ay magparehistro sa Division of Employment Services at magsumite ng Employer Intent Form nang hindi lalampas sa tatlumpung araw matapos ang pagwawakas ng kasalukuyang kontrata sa trabaho. Pagkasumite ng Employer Intent Form, ang Employment Services ay susundin ang kinaugaliang proseso ayon sa tuntunin ng Department of Labor.

Paghahanap ng trabaho: Ang permit na ito ay maaaring mapawalang-bisa kapag ang may hawak ng permit ay hindi nagtatrabaho at naghahanap pa ng trabaho maliban kung ang may hawak ay masigasig na naghahanap ng full time na trabaho na angkop sa kanyang kasanayan at kakayahan at makahanap ng employer sa kaukulang panahon. Habang naghahanap ng trabaho, ang mayhawak ng permit na ito ay mananagot sa lahat ng bayarin ukol sa medikal at sa pagpapabalik sa sariling bayan para sa kanyang sarili at sa mga dayuhang malalapit na kamag-anak na kanyang inisponsor, kalakip na ang buong suporta para sa mga anak na menor de edad. Ang may hawak ng permit na ito ay kailangang mapanatili ang sapat na mapagkukunan o magbigay ng sapat na bond, o undertaking ng ikatlong partido na responsible sa pananalapi upang matugunan ang mga pananagutang ito. Ang batas ng CNMI ay hindi nagbibigay ng karapatan sa pagpapalawig ng panahon upang makahanap ng trabaho; ang bawat kahilingan ay isinasaalang-alang ng Hearing Officer batay sa kahalagahan ng isinulat na kahilingan kung (1) ang trabaho ay maaring makuha sa loob ng kaulkulang panahon at (2) anumang panganib sa Commonwealth ay matugunan.

Kasunduan at pagkilala: Ako, ang taong binigyan ng permit na ito na pinangalanan at tinukoy sa itaas, ay sang-ayon sa mga kondisyong nakasaad at kumikilala na bilang kundisyon sa paggawad ng permit na ito na nagpapahintulot sa aking makapagtrabaho sa Commonwealth na ang bawat aspeto ng paggawad, pagbabago, o pagwawakas ng permit na ito ay pamamahalaan ng batas ng Commonwealth at sa pamamagitan ng Commonwealth Department of Labor. Sumasang-ayon ako na sumunod sa mga tuntunin ng paggawa na magkakabisa sa Nobyembre 27, 2009. Naiintindihan ko na ang pag-aayos ng anumang di pagkakasunduan na ukol sa permit na ito ay pananagutan, sa unang pagkakataon, ng Commonwealth Department of Labor at ako ay may karapatang umapila sa Commonwealth Superior Court sa pamamagitan ng batas at regulasyon ng Commonwealth. **Naiintindihan ko na anumang oras ay maaaring baguhin ang permit na ito ayon sa ipagkakaloob ng federal na sistema sa lawak na pinapayagan ng batas na federal.**

_____,

Pangalan ng mayhawak ng permit

[lagda]

Ang permit na ito ay ipinagkakaloob alinsunod sa batas at tuntunin ng Commonwealth at sang-ayon sa mga naaangkop na batas federal hanggang Nobyembrer 27, 2011.